# ANO ANG ISLAM? (BAHAGI 2 NG 4): ANG MGA PINAGMULAN NG ISLAM.

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang papel ng Islam mula sa iba pang mga relihiyon sa mundo, partikular na kaugnay sa tradisyon ng Hudeo-Kristiyano.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Ano ang Islam

**Ni:** M. Abdulsalam (© 2006 IslamReligion.com)
**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 04 Oct 2009

Ngunit saan ang mensahe ni Muhammad, nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya, tumutugma sa mga naunang mensahe na ipinahayag ng Diyos? Ang isang maikling kasaysayan ng mga propeta ay maaaring makapagbigay linaw sa puntong ito.

Ang unang tao, si Adan, ay sinunod ang Islam, dahil dito itinuon niya ang kanyang pagsamba sa Diyos lamang at walang iba at sumunod sa Kanyang mga utos. Ngunit sa paglipas ng panahon at sa pagkalat ng sangkatauhan sa buong mundo, ang mga tao ay lumihis mula sa mensaheng ito at nagsimulang ituon ang pagsamba sa iba o kasama ng Diyos. Ang ilan ay sumamba sa mabubuting yumaong mula sa kanila, habang ang iba ay nakuhang sumamba sa mga espiritu at lakas ng kalikasan. Dito na sinimulan ng Diyos na magpadala ng mga sugo sa sangkatauhan na gagabay sa kanila pabalik sa pagsamba sa Diyos na Nag-iisa, na nakakabit sa kanilang tunay na kalikasan, at binalaan sila ng mga malubhang kahihinatnan sa pagtuon sa anumang uri ng pagsamba sa iba maliban sa Kanya.

Ang una sa mga sugong ito ay si Noe, na ipinadala upang ipangaral ang mensaheng ito ng Islam sa kanyang mga mamamayan, pagkatapos nilang simulan na ituon ang pagsamba sa kanilang mga mabubuting mga ninuno kasama ang Diyos. Inanyayahan ni Noe ang kanyang mga mamamayang iwanan ang pagsamba sa kanilang mga diyus-diyosan, at inutusan silang bumalik sa pagsamba sa Diyos na Nag-iisa. Ang ilan sa kanila ay sumunod sa mga turo ni Noe, samantalang ang karamihan ay hindi naniniwala sa kanya. Silang mga sumunod kay Noe ay mga tagasunod ng Islam, o mga Muslim, samantalang silang hindi, na nanatili sa kanilang kawalang paniniwala ay nilupig o sinakmal ng parusa dahil sa paggawa nito.

Pagkatapos ni Noe, ang Diyos ay nagpadala ng mga sugo sa bawat bansa na nalihis mula sa Katotohanan, upang gabayan sila pabalik dito. Ang Katotohanang ito ay pareho sa lahat ng panahon: upang tanggihan ang lahat ng mga bagay sa pagsamba at ituon ang lahat ng pagsamba nang walang pagbubukod sa Diyos at walang iba, ang Tagapaglikha at Panginoon ng lahat, at sumunod sa Kanyang mga utos. Ngunit tulad

ng nabanggit natin nang una, dahil ang bawat bansa ay naiiba batay sa kanilang paraan ng pamumuhay, wika, at kultura, ang mga natatanging sugo ay ipinadala sa mga natatanging bansa para sa isang natatanging yugto ng panahon.

Ang Diyos ay nagpadala ng mga sugo sa lahat ng mga bansa, at sa Kaharian ng Babilonya ay Kanyang ipinadala si Abraham - isa sa mga pinakauna at pinakadakilang mga propeta - na inanyayahan ang kanyang mga mamamayang tanggihan ang pagsamba sa mga diyus-diyosan na kanilang pinag-uukulan. Kanya silang inanyayahan sa Islam, ngunit siya ay tinanggihan nila at tinangka pa nilang patayin siya. Ang Diyos ay inilagay si Abraham sa maraming mga pagsubok, at kanyang napatunayan ang katotohanan sa kanilang lahat. Para sa kanyang maraming mga sakripisyo, ang Diyos ay ipinahayag na itataas siya mula kanyang mga inapo na isang dakilang bansa at pipili ng mga propeta mula sa kanila. Sa tuwing ang mga mamamayan mula sa kanyang inapo ay nagsisimulang lumihis sa katotohanan, na walang dapat sambahin na sinuman maliban sa Diyos lamang at sumunod sa Kanyang mga utos, ang Diyos ay nagpapadala ng isa pang sugo na mag-gagabay sa kanila pabalik dito.

Dahil dito, makikita natin na maraming mga propeta ang ipinadala mula sa inapo ni Abraham, tulad ng kanyang dalawang anak na sina Isaak at Ismael, kasama sina Hakob (Israel), Jose, David, Solomon, Moises, at siyempre, si Hesus, ang ilan sa kanila, nawa'y ang kapayapaan at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanilang lahat. Ang bawat propeta ay ipinadala sa mga Anak ni Israel (ang mga Hudyo) nang sila ay lumihis mula sa totoong relihiyon ng Diyos, at naging obligado sa kanila na sundin ang sugo na ipinadala sa kanila at sundin ang kanilang mga utos. Ang lahat ng mga sugo ay may pare-parehong mensahe, na tanggihan ang pagsamba sa lahat ng iba pang nilalang maliban sa Diyos na Nag-iisa at sumunod sa Kanyang mga utos. Ang ilan ay hindi naniwala sa mga propeta, habang ang iba ay naniwala. Silang naniwala ay mga tagasunod ng Islam, o mga Muslim.

Mula sa mga sugo ay si Muhammad, nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya, mula sa mga inapo ni Ismael, ang anak ni Abraham, nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya, na ipinadala bilang isang sugo na kasunod ni Hesus. Si Muhammad (nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya) ay ipinangaral ang parehong mensahe ng Islam tulad ng mga naunang propeta at sugo - upang ituon ang lahat ng pagsamba sa Diyos na Nag-iisa at wala nang iba at sundin ang Kanyang mga utos - kung saan ang mga tagasunod ng mga naunang propeta ay naligaw.

Kaya tulad ng nakikita natin, ang Propeta Muhammad (nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya) ay hindi nagtatag ng isang bagong relihiyon, tulad ng maling iniisip ng maraming tao, ngunit siya ay ipinadala bilang Pangwakas na Propeta ng Islam. Sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Kanyang huling mensahe kay Muhammad (nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya), na isang walang hanggan at pangkalahatan na mensahe para sa lahat ng sangkatauhan, ang Diyos sa wakas ay tinupad ang tipan na Kanyang ginawa kay Abraham.

Kung paanong ito ay tungkulin ng mga buhay noon na sundin ang mensahe ng pinakahuli sa magkakasunod na mga propeta na ipinadala sa kanila, ito ay naging tungkulin para sa lahat ng sangakatuhan na sundin ang mensahe ni Muhammad (nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya). Ang Diyos ay nangakong ang mensaheng ito ay mananatiling hindi mababago at angkop sa lahat ng mga panahon at lugar. Sapat nang sabihin na ang paraan ng Islam ay kaparehong paraan ng propetang si Abraham, sapagkat ang Bibliya at ang Quran ay naglarawan kay Abraham bilang isang dakilang halimbawa ng isang taong isinuko ang kanyang sarili ng ganap sa Diyos at itinuon ang pagsamba sa Kanya lamang at walang iba, at walang anumang mga tagapamagitan. Kapag ito ay napagtanto, dapat na maging malinaw na ang Islam ay ang pinaka-tuluy-tuloy at pangkalahatan na mensahe ng anumang relihiyon, dahil ang lahat ng mga propeta at sugo ay mga "Muslim", ibig sabihin, ay silang mga sumuko sa kalooban ng Diyos, at ipinangaral nila ang "?Ang Islam", ibig sabihin ay pagsuko sa kalooban ng Diyos na Makapangyarihang sa lahat sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya Lamang at pagsunod sa Kanyang mga utos.

Kaya makikita natin na ang mga tumatawag sa kanilang sarili na mga Muslim ngayon ay hindi sumusunod sa isang bagong relihiyon; sa halip ay sinusunod nila ang relihiyon at mensahe ng lahat ng mga propeta at sugo na ipinadala sa sangkatauhan sa utos ng Diyos, na kilala rin bilang Islam. Ang salitang "Islam" ay isang salitang Arabe na literal na nangangahulugang "pagsuko sa Diyos", at ang mga Muslim ay yaong kusang loob na sumusuko at aktibong sumusunod sa Diyos, nabubuhay alinsunod sa Kanyang mensahe.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/5/ano-ang-islam-bahagi-2-ng-4

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.